# CHAPTER 8

Chloe's POV;

"Guys mauna nako umuwi ha... Nag aantay na kasi si grandma sa bahay ih" sabi ni angel na parang kinakabahan

"Sige take care sis, una na din ako madison and chloe hindi kasi ako pwede gabihin" sabi ni keila at tumango na lang ako at agad na sumakay sa sundo nya

"So pano na? una na din ba ako?" tanong ni madison sakin pero kinunutan ko lang sya ng noo

"Okay sige wala naman akong magagawa... Bakit ba kasi iniintay mo si lucas?" Tanong nya at nag iba ang ekspresyon na ani mo'y nanunukso

"Uyyy... May gusto ka kay lucas no? aminin muna dalawa lang naman tayo dito" panunukso nya

"F*ck! hindi ba pwede iniintay ko sya kasi pupunta sya sa bahay dahil inimbitahan sya ni mom na mag dinner" inis na sabi ko

"Ito naman galit agad... Pero bakit nga ba inimbitahan yun?" tanong nya ng nag tataka

"Gusto syang pasalamatan nila mom dahil dinala ako ni lucas sa clinic agad nung naaksidente ako" sabi ko at pinag cross ang kamay ko at sumandal sa kotse ko

Ilang minuto pa ang lumipas at agad na dumating si lucas at nakahinga ako ng maluwag ng makitang nag iisa lang sya

"Sorry, kanina pa kayo nag iintay?" nakangiting tanong ni lucas

"Nope, so pano una nak--"

"Chloe!" napatingin agad ako kung saan nanggaling yu

'Tsk si kurt'

"Bakit nandito kayo? hatid na kita chloe hindi pa magaling yang sugat mo" sabi nya pero umiling ako

"Wag na... Ako na mag hahatid sakanya" sabi naman ni lucas

"Award" bulong ni madison at napahawak ito sa noo nya

"Kaya ko... Seeyou tomorrow kurt, tara na lucas" walang ganang aya ko

"Wait, bakit kasama mo sya?" takang tanong ni kurt

"Inaya sya ni mom para sa dinner, next time ko na lang ikukwento" sabi ko at akmang mag bubukas ng pinto ng kotse ng makaramdam ako ng p*******t sa sugat ko kaya napahawak ako don

"Arhhhh...."

"Are you okay?" sabay na tanong ni kurt at lucas

"Award ang haba ng hair hahaha" rinig kong tawa ni madison

"Okay lang ako"

"Ako na mag dadrive iiwan ko muna dito yung sasakyan ko" prisinta ni lucas

"Kurt umuwi na kayo ni madison it's getting late" sabi ko at umikot para umupo sa front seat

At pumasok na rin si lucas at umupo sa driver seat. Pinaubaya ko na sakanya dahil sumasakit talaga yung sugat ko. Nag start na syang mag drive at tinuturo ko sakanya kung saan ang daan papunta samin

"Masakit pa rin ba yang sugat mo?" tanong nya

"Medyo, lilinisin ko na lang ulit mamaya" sabi ko habang nakatingin sa daan

"Tulungan na kita" sabi nya

"Wag na kaya ko naman"

"Hindi mo malilinis ng maayos yan, Wag ka mag alala marunong ako nursing ang kinukuha kong course ikaw ba?" tanong nya

"Nursing din" buryong sabi ko at hindi na kami nag salita pa hanggang sa makarating kami sa bahay

Pag ka baba ko sa sasakyan ay sinalubong agad kami nila mom

"Hi chloe... Ow hi lucas right?" ngiting ngiti na tanong ni mom

"Yes po" lucas

"Pasok na kayo sa loob... Marami akong inihanda na pagkain dahil alam kong dadating ka" sabi ni mom at hinatak na si lucas sa loob

Iiling iling akong pumasok sa loob at naabutan kong nandun ang mga pinsan ko pero wala ang barkada. Sila ate snow, irene, marcus lang yung nandito.

"Bakit hindi kasama sila tita and sila papu?" tanong ko

"Masyadong busy sa business sila dad and sila papu syempre hindi pwede lumabas labas yun" sagot ni ate snow

Tumango na lang ako at umupo na kaming lahat. Katabi ko ngayon si lucas at ang tahi-tahimik pero nakangiti

"Let us pray" pinangunahan ni daddy ang prayer

"Amen!" sagot naming lahat

"Let's eat! marami akong niluto kaya dapat marami kang makain lucas ha..." masayang sabi ni mom

"Yes tita" maikling sagot nya na parang nahihiya pa

Nag kanya kanya na kaming kuha at napatingin pa sakin si lucas ng makita nyang ang dami kong nilagay sa plato ko

"Kaya mong kainin yan lahat?" takang tanong nya

"Kulang pa to" sabi ko at hindi na sya inintindi at nag simula na kaming kumain

"By the way thank you lucas sa pag dala kay chloe sa clinic... Myghod diko alam kung ano gagawin ko non" sabi ni ate snow

"Thank you talaga lucas... Hindi na kasi namin nasasamahan si chloe kasi mag kakalayo tayo ng campus" irene

"Yeahh thanks" maikling sabi ni marcus

"Welcome... and siguro kahit sino naman gagawin yun dahil sa sitwasyon ni chloe" sabi ni lucas

"Pero san wag ng maulit pa yun dahil baka kung ano ng mangyari sa anak ko" sabi ni dad at seryosong seryoso ito

"Ako pong bahala kay chloe..." sabi naman na may sinseridad ni lucas

"Ipag kakatiwala ko sayo si chloe sana maaasahan kita" seryosong sabi ni dad

"Yes tito..."

"Kaya ko naman sarili ko dad" sabi ko

"Kung kaya mo yung sarili mo bakit nangyayari sayo yan?" maotoridad na tanong nya

Simula nung tumuntong ako sa highschool nalalapit nako sa g**o at isa yun kung bakit ako inilipat ng school... Pinag layo kami ni clyde dahil hindi na rin nya ako mapigilan sa gusto ko... At minsan nag kakagalit kami ni dad

"Stop na yan... Chloe, babe.... Mag linis kana ng sugat mo anak" sabi ni mom

"Tulungan ko na po si chloe" prisinta ni lucas na agad naman akong sinundan hanggang sa kwarto ko

Pag pasok namin ay umupo sya sa sala dito sa loob ng kwarto ko habang ako ay kinuha ang kit para malinis na ang sugat ko

"Cool" rinig kong sabi nya

"Alam mo nung una kong kita sayo akala ko---"

"Tomboy ako? Haha lahat naman kayo ganyan ang unang akala sakin" sabi ko at umupo sa tabi nya pero nakaharap ako sakanya

"Y-yeah hahaha pero i never thought na mahilig ka pala sa hello kitty at puro color pink" sabi nya na natatawa pa habang nilalabas yung mga gamit para sa sugat ko

Sinimulan na nyang linisin at napapailag pako dahil mahapdi yon...

"Konting tiis lang matatapos nato" sabi nya kaya napatingin ako

Huli ko ng nalaman na nakalimutan ko pa lang buksan ang aircon kaya kitang kita ko ang bawat pag tulo ng pawis nya

Nang matapos nya akong linisan ng sugat ay tumayo ako at kumuha ng extra shirt sa Cabinet ko at agad na hinagis sakanya yun

"Ano to?" takang tanong nya habang binubuksan ko ang aircon

"Mag palit ka ng damit basang basa ka ng pawis" sabi ko at hindi na sya nag salita

Nang mabuksan ko na ang aircon, pag harap ko sakanya ay nakatalikod naman ito sakin at kitang kita ko ang malalaking muscles nito kaya automatiko akong napatalikod ulit

Ramdam ko ang pag init ng pisngi ko pero hindi ko na yun pinsansin pa... Ramdam ko ang paupo nya ulit sa sofa kaya humarap nako

"It's getting late siguro kailangan ko na rin umuwi" sabi nya at tinanguan ko na lang

Bumaba na kami at naabutan ko si mom and dad sa sala at wala na ang mga pinsan ko

"Uuwi napo ako tita, Thanks po sa dinner sobrang nagustuhan kopo yung mga niluto nyo" nakangiting sabi nito na agad namang nag pangiti kay mom

"Mag iingat ka ihjo gabi na" seryosong sabi ni dad

"Opo salamat po" palabas na kami at pag bukas ko ng pintuan ay nun ko lang nalaman na sobrang lakas pala ng ulan

"Malakas ang ulan pano ka uuwi nyan lucas?" pag aalala ni mommy

"Ako na mag hahatid sakanya" prisinta ko

"Pero--"

"Dami mong arte tara na" sabi ko at nauna ng lumabas at tumakbo papunta sa garahe

Nang makapasok kami sa loob ng kotse ko ay agad ko itong instart at pinaandar na... Sobrang lakas ng ulan at halos bumaha na sa daan kaya medyo nahirapan akong mag maneho

Nasa kalagitnaan na kami ng daan ng biglang tumigil ang sasakyan ko.

"Sh*t malas" sabi ko

"Bad timing ah" sabi nya

Buti na lang at wala ng masyadong dumadaan na sasakyan dahil halos nasa gitna talaga kami ng daan... Kamalas malasan pang nawalan ako ng gas

"Tulungan moko" sabi ko na kinapag taka nya

"No choice tayo kundi mag paulan kesa tumunganga tayo dito hanggang sa tumila ang ulan" sabi ko at agad kaming bumaba

Parehas naming tinulak ang kotse at dinala ito sa gilid, buti na lang at di kami ganong nakalayo kaya tumakbo na kami pabalik sa bahay

Nang makarating kami ay nagulat pa sila mom ng makita kaming basang basa sa ulan

"Jusko kayong bata kayo bakit nag paulan kayo? at nasaan ang sasakyan mo?" tanong sakin ni mom habang si dad ay binigyan kami ng tuwalya para makapag punas

Medyo giniginaw ako dahil naka uniform pako at sobrang ikli pa ng palda na soot ko

"Nawalan ako ng gas kaya tumigil yung sasakyan ko sa gitna ng kalsada kaya tinulak namin at nandun sya sa gilid kaya umuwi na muna kami" paliwanag ko

"Hayss osya sya ihatid mo muna si lucas sa kwarto ng kuya mo para makaligo sya at bigyan mo na rin ng kailangan nya meron namang damit na hindi pa nagagamit ang kuya mo, ikaw ng bahala" sabi ni mom kaya tumango na lang ako at agad na kaming umakyat

Hinatid ko sya sa kwarto ni clyde at binigyan ng mga kailangan nya... Snabi ko din sakanya na ibigay kay manang yung uniform nya para malaban para bukas

Bumalik nako sa kwarto ko at agad na naligo at nag bihis... Hindi ko na binalikan si lucas sa kwarto dahil medyo masama ang pakiramdam ko. Nahiga nako sa kama ko at agad na ipinikit ang mga mata hanggang sa makatulog nako

***********

KEEP READING ( ˳♡♡ ˳ )